FILIPPINO

# CAPIRE LA SCUOLA

## Prime informazioni plurilingui sulla scuola primaria di I grado per le famiglie

A cura del Gruppo di Lavoro Azione 3
Progetto *Oltre la Media - Comunità Educante*.

Progetto Oltre la Media Comunità Educante – Pr. n 2020-EDU-01996 az 3

Queste informazioni sono il frutto del lavoro realizzato nell'ambito del Progetto "Oltre la Media Comunità Educante", dagli operatori di Open Group, Aipi coop, Centro RiESco e da un team di insegnanti degli Istituti di Bologna. Si tratta di informazioni generali che descrivono il complesso mondo della scuola, cercando di rendere le indicazioni chiare ed accessibili per le famiglie non italofone. Per chiarimenti o dettagli potete rivolgervi alle insegnanti.

Si ringraziano in particolare le insegnanti:
Elena Vicinelli (IC 3), Adriana Tancorre e Chiara Barbieri (IC 4), Patrizia Farinella (IC 5), Angela Perna e Nunzia Pia Petrarca (IC 7), Roberta Baraccani (IC 8), Fernanda Italiano (IC 11), Maria Luisa Conti e Stefania Sanguanini (IC 14), Chiara Calderone (Istituto Belluzzi Fioravanti), Giovanni Nicotra (Istituto Malpighi).

Il Progetto Oltre la Media è coordinato da Open Group, in partenariato con Centro RIESco Comune di Bologna, Open formazione, AIPI Coop , ASP e IC 14.

Traduzioni a cura di:
Hajar Zarzouri (lingua araba), Liza Khanam (lingua bengalese), Mingshan Lee (lingua cinese), Damaris Fernando Taldo (lingua filippina), Arianna Cardinali (lingua francese), Valentina Schiavone (lingua inglese), Susana Beléndez (lingua spagnola), Pakeeza Mahmood (lingua urdu).

Coordinamento traduzioni:
Claudia Carafa e Marta Alaimo (Open group), Silvia Fiorani (Aipi Coop. Soc.).

Grafica e impaginazione:
Milena Zuppiroli (Open Group) e Susana Beléndez (Aipi Coop. Soc.).

Copyright © 2024 Comune di Bologna

*Tutti i contenuti e le informazioni presenti all'interno del sito del Comune di Bologna sono protetti ai sensi delle normative sul diritto d'autore, pertanto nulla, neppure in parte, potrà essere copiato, modificato o rivenduto per fini di lucro. Gli oggetti presenti in questo sito per lo scaricamento (download) quali ad esempio la modulistica sono liberamente e gratuitamente disponibili. Salvo ove diversamente indicato, i dati pubblicati sul presente sito sono messi a disposizione con licenza CC BY-NC 4.0, il cui testo integrale è disponibile al seguente indirizzo: https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/legalcode. Questo significa che, ove non diversamente specificato, i contenuti di questo sito sono liberamente distribuibili e riutilizzabili per finalità non commerciali, a patto che sia sempre citata la fonte e riportato l'indirizzo web della pagina originale.*

# INDICE

Lettera di benvenuto.............................................................. P. 8-9

Frequentare la scuola, Comunicare l'assenza, Accompagnare all'entrata e ritirare all'uscita i bambini, Orario di ingresso e uscita.............................................................. P. 10-11

Quando è aperta la scuola, Pasto a scuola, Le diete per motivi culturali, religiosi o per motivi di salute.............................................................. P. 12-13

I menù, Comunicazione di assenza al pasto, Account istituzionale della scuola.............................................................. P. 14-15

Riunioni, assemblee e incontri con insegnanti, Disabilità, Uscite didattiche e gite.............................................................. P. 16-17

Materiali.............................................................. P. 18-19

Progetto Oltre la Media Comunità Educante – Pr. n 2020-EDU-01996 az 3

# PAG-UNAWA SA PAARALAN

## mga pangkalahatang impormasyon sa iba't-ibang wika tungkol sa sistema ng paaralang elementarya para sa mga pamilya

ng Gruppo di Lavoro Azione 3 Progetto *Oltre la Media - Comunità Educante*.

Ang mga impormasyon na nakasaad sa akda na ito ay bunga ng isang pakikipagtulungan, sa ilalim ng proyekto "Oltre la Media Comunità Educante", ng Open Group, Aipi Coop, Centro RiESco at ng isang pangkat ng mga guro ng iba't-ibang institusyon ng Bologna. Ito ay mga pangkalahatang impormasyon na naglalarawan ng kumplikadong mundo ng paaralan na pinagsikapang gawing mas malinaw at abot sa pang-unawa ng mga pamilyang hindi italyano ang katutubong wika. Para sa mga karagdagang paglilinaw o detalye, huwag mag-atubiling magtanong sa mga guro.

Isang pasasalamat lalo na sa mga sumusunod na mga guro: Elena Vicinelli (IC 3), Adriana Tancorre at Chiara Barbieri (IC 4), Patrizia Farinella (IC 5), Angela Perna at Nunzia Pia Petracca (IC 7), Roberta Baraccani (IC 8), Fernanda Italiano (IC 11), Maria Luisa Conti at Stefania Sanguanini (IC 14), Chiara Calderone (Istituto Belluzzi Fioravanti), Giovanni Nicotra (Istituto Malpighi).

Ang Proyekto Oltre la Media ay pinangunahan ng Open Group kasama ng Centro RIESco Comune di Bologna, Open formazione, AIPI Coop , ASP at IC 14.

## Lettera di benvenuto all'Istituto Comprensivo___[1],

*Cari genitori di ………………………………[2],*
*siamo felici di incontrarvi e di accogliervi nella classe …...[3]!*
*La lingua italiana potrebbe sembrare un ostacolo ma questo non ci deve spaventare: col tempo impareremo a comprenderci e a conoscerci sempre meglio. Ci impegniamo a far sentire subito ……………………………….....[4] partecipe della vita della classe. Giorno per giorno costruirà la sua conoscenza della lingua e imparerà cose nuove e interessanti.*
*Di seguito trovate alcune semplici informazioni che vi spiegano come funziona la scuola. Se qualcosa non vi è chiaro non abbiate timore di chiederci spiegazioni.*
*Le/Gli insegnanti della classe*

*……………………….........................................................[5]*

1 Inserire il numero dell'IC (a cura della scuola).
2 Inserire il nome dell'alunno (a cura della scuola).
3 Inserire la classe dell'alunno (a cura della scuola).
4 Inserire il nome dell'alunno (a cura della scuola).
5 Inserire il nome dell'insegnante (a cura della scuola).

## Isang sulat ng maligayang pagdating sa Istituto Comprensivo ____[1],

*Mahal naming mga magulang ni ……………………………….[2],*
*kami ay nagagalak na kayo'y makilala at maiparamdam ang aming malugod na pagtanggap sa inyo sa klase …...[3]!*
*Sa ngayon, ang wikang italyano ay tila isang balakid ngunit hindi natin ito dapat na ikabahala: sa paglipas ng panahon magkakaintindihan din tayo at makikilala din natin nang mas mabuti ang isa't isa.*
*Gagawin namin sa abot ng aming makakaya na iparamdam agad kay ………………………………....[4] na siya ay bahagi ng buhay ng klaseng ito.*
*Sa bawat araw na lilipas, lalago ang kanyang kaalaman sa wikang italyano at matututo siya ng mga bagay-bagay na bago at kawili-wili.*
*Sa ibaba, may mga nakasaad na mga simpleng impormasyon na magpapaliwanag sa inyo kung paano gumagana ang paaralan. Kung meron kayong hindi maintindihan, huwag mag-atubiling magtanong sa amin para sa karagdagang pagpapaliwanag.*
*Ang mga guro ng klase*

……………………….........................................................[5]

[1] Inserire il numero dell'IC (a cura della scuola).
[2] Inserire il nome dell'alunno (a cura della scuola).
[3] Inserire la classe dell'alunno (a cura della scuola).
[4] Inserire il nome dell'alunno (a cura della scuola).
[5] Inserire il nome dell'insegnante (a cura della scuola).

## FREQUENTARE LA SCUOLA

Con l'ingresso alla scuola primaria inizia il percorso della **scuola dell'obbligo**: venire a scuola, per un minore, è un dovere sancito dalla legge dello Stato Italiano. La frequenza è obbligatoria e ogni assenza dovrà essere giustificata.

## COMUNICARE L'ASSENZA

Se il bambino è malato o non può andare a scuola è necessario **giustificare l'assenza**, ovvero scrivere il motivo dell'assenza.
Lo dovrete fare attraverso la seguente modalità prevista dalla scuola:

—-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------[6]

Vi ricordiamo che la frequenza è obbligatoria e **le assenze devono essere giustificate**. Le assenze non giustificate non potranno superare 15 giorni anche non consecutivi nel corso di tre mesi. Se si supera questo limite la scuola provvede a segnalare al Comune di Bologna che il bambino non frequenta e possono esserci sanzioni penali.

## ACCOMPAGNARE ALL'ENTRATA E RITIRARE ALL'USCITA I BAMBINI

I bambini devono essere accompagnati a scuola e ripresi all'uscita dai genitori, da fratelli o sorelle maggiorenni. Se il genitore non può prendere il bambino all'uscita dovrà delegare un adulto per il ritiro. Per delegare un adulto a prendere il vostro bambino gli insegnanti vi daranno un foglio (delega) che dovrete compilare con i dati d chi ritira il bambino, allegare il documento di identità della persona che prende il bambino e firmare.
Questo modulo va consegnato agli insegnanti, firmato e completo di fotocopia del documento d'identità di chi va a prendere il bambino.
Chi prende il bambino dovrà presentare agli insegnanti il documento d'identità.

## ORARIO DI INGRESSO E USCITA

**L'orario di ingresso e di uscita dalla scuola è il seguente[7]:**

| | | |
|---|---|---|
| Lunedì: | ENTRATA ore ….. | USCITA ore …. |
| Martedì: | ENTRATA ore ….. | USCITA ore …. |
| Mercoledì: | ENTRATA ore ….. | USCITA ore …. |
| Giovedì: | ENTRATA ore ….. | USCITA ore …. |
| Venerdì: | ENTRATA ore ….. | USCITA ore …. |
| Sabato: | ENTRATA ore ….. | USCITA ore …. |

6 Inserire la modalità che utilizza la scuola per le giustificazioni: libretto delle giustificazioni, registro elettronico, diari (a cura della scuola).
7 Inserire gli orari di entrata e uscita (a cura della scuola).



OPEN group · Comune di Bologna · zero dici8tto · R!Esco · AIPI Cooperativa Sociale · OPEN Formazione · ASP Città di Bologna · Borgo Panigale Bologna

## PAGPASOK SA PAARALAN

Nagsisimula ang edukasyong sapilitan sa pagpasok sa paaralang elementarya: ang pagpasok sa paaralan, para sa isang menor de edad, ay isang tungkuling pinapahintulutan ng batas ng Estadong Italyano. Ang pagpasok ay sapilitan at ang bawat pagliban ay kailangang mabigyan ng katwiran.

## IPAALAM ANG PAGLIBAN

Kung ang mag-aaral ay may sakit o hindi makakapasok sa paaralan, **kinakailangang mabigyan ng katwiran ang pagliban**, ibig sabihin, isulat ang dahilan ng pagliban.
Kailangang gawin ninyo ito sa pamamagitan ng sumusunod na pamamaraan na itinakda ng paaralan: [6]

—-------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------

Pinaaalalahanan namin kayo na ang pagpasok sa paaralan ay sapilitan at ang mga pagliban sa pagpasok ay kinakailangang bigyang-katwiran. Ang mga pagliban na walang katwiran o balidong dahilan ay dapat hindi lalampas sa 15 araw, kahit na hindi magkakasunod, sa loob ng 3 buwan. Kung lalampas sa limitasyon na ito, ipaparating ng paaralan sa Comune ng Bologna na ang mag-aaral ay hindi pumapasok at maaaring mahatawan ng mga parusang kriminal (halimbawa, pagkakulong) ang mga magulang o kung sinuman ang may legal na awtoridad sa bata.

## SAMAHAN SA PASUKAN AT SUNDUIN SA LABASAN ANG MGA BATA

Ang mga bata ay kinakailangang samahan sa pagpasok at sunduin sa paglabas ng mga magulang o ng mga kapatid na nasa hustong gulang (edad 18 taon at pataas). Kung hindi maaaring sunduin ng magulang ang kanyang anak, kailangang magbigay ng pahintulot sa isang taong pinagkakatiwalaan para sa pagsundo. Para gawin ito, bibigyan kayo ng mga guro ng isang pormularyo (*delega*) na kailangan ninyong punan ng mga personal na datos ng magsusundo, ilakip ang kanyang ID na balido at pirmahan.
Ibigay sa mga guro ang pormularyong inyong sinagutan, pinirmahan at may kasamang photocopy ng balidong ID ng magsusundo.
Kailangang ipakita ng magsusundo ang kanyang ID sa mga guro ng batang susunduin.

## ORAS NG PAGPASOK AT PAGLABAS

Ang oras ng pagpasok at paglabas sa paaralan ay ang sumusunod: [7]

| | | |
|---|---|---|
| Lunes: | PAGPASOK oras..... | PAGLABAS oras..... |
| Martes: | PAGPASOK oras..... | PAGLABAS oras….. |
| Miyerkules: | PAGPASOK oras..... | PAGLABAS oras….. |
| Huwebes: | PAGPASOK oras..... | PAGLABAS oras….. |
| Biyernes: | PAGPASOK oras..... | PAGLABAS oras….. |
| Sabado: | PAGPASOK oras..... | PAGLABAS oras….. |

[6] Inserire la modalità che utilizza la scuola per le giustificazioni: libretto delle giustificazioni, registro elettronico, diari (a cura della scuola).
[7] Inserire gli orari di entrata e uscita (a cura della scuola).

# QUANDO È APERTA LA SCUOLA

La scuola inizia a metà settembre e finisce a inizio giugno, nelle date che vengono indicate dal calendario regionale. Le lezioni si svolgono dal lunedì al ________________[8] .

# PASTO A SCUOLA

Vostro figlio consumerà la merenda e il pranzo a scuola nei giorni di rientri pomeridiani. Il Comune di Bologna gestisce il servizio di refezione scolastica in appalto: la società Ribò provvede a produrre e fornire i pasti.
Il pasto è composto da materie prime di alta qualità, prevalentemente biologiche.
I menù stagionali ruotano per garantire varietà, sulla base delle linee guida nutrizionali e con la supervisione dell'AUSL (Azienda Unità Sanitaria Locale di Bologna). Il servizio di refezione scolastica del Comune provvede ai controlli e può essere consultato per informazioni sul servizio e sul pasto scrivendo a
refezionescuola@comune.bologna.it.

L'iscrizione al servizio mensa avviene insieme all'iscrizione scolastica per le scuole con rientri pomeridiani. Se si aggiungono altri rientri al pomeriggio, la richiesta potrà essere fatta successivamente all'iscrizione.
Il pasto ha un costo per le famiglie, ma sono previste tariffe ridotte in base al valore ISEE (Indicatore della Situazione Economica Equivalente).
Per informazioni sull'iscrizione al servizio e sulle richieste di agevolazioni tariffarie è possibile rivolgersi all'ufficio scuola del quartiere di riferimento oppure consultare la pagina del Comune di Bologna "Iscrizione ai servizi integrativi", che trovate a questo link:
https://www.comune.bologna.it/servizi-informazioni/servizi-scolastici-integrativi

### Le diete per motivi culturali, religiosi o per motivi di salute

È possibile chiedere che il pasto scolastico sia preparato in base a uno specifico regime alimentare, sia per motivi di salute (es. dieta senza glutine, dieta senza lattosio, dieta ipoglicemica, ecc.), che per scelte legate ad orientamenti religiosi o culturali della famiglia (es. dieta halal, dieta priva di carne di suino, dieta priva di carne, ecc.).

Per richiedere una dieta è necessario avere le **credenziali SPID**.
Per richiedere le diete mediche e le diete religiose o culturali, è necessario fare domanda dal sito https://www.riboscuola.it/diete/
Per richiedere una dieta medica è necessario presentare un certificato del pediatra o del servizio specialistico.

Segnalate sempre anche al team insegnanti allergie, intolleranze e diete particolari.

8 Inserire "venerdì" o "sabato" a seconda dell'organizzazione settimanale (a cura della scuola).

## KAILAN BUKAS ANG PAARALAN

Ang paaralan ay nagsisimula sa kalagitnaan ng Septiyembre at nagtatapos sa simula ng Hunyo, sa mga petsa na nakasaad sa kalendaryo ng rehiyon. Ang mga leksyon ay isinasagawa mula Lunes hanggang ___________[8].

## PAGKAIN SA PAARALAN

Ang inyong anak ay kakain ng merenda sa paaralan at gayundin ng tanghalian sa mga araw na may pasok din sa hapon. Ang Comune ng Bologna ang namamahala sa serbisyo ng pagkain o mensa sa mga paaralan na ipinagkakatiwala nito sa isang kumpanya: ang kumpanyang **Ribò Scuola**, na siyang naghahanda at nagbibigay ng mga pagkain.
Ang mga sangkap na ginagamit sa pagluluto ay de kalidad at kalimitan ay galing sa organikong pagsasaka.
Isinasagawa ang *menu rotation* upang masiguro ang paghandog ng iba't-ibang klaseng putahe, na nakabatay sa mga alituntuning pangnutrisyon at pinapangasiwaan ng AUSL (Azienda Unità Sanitaria Locale o Lokal na Kagawaran ng Kalusugan). Ang tanggapan ng serbisyo ng pagkain o mensa ng Comune ang nagsasagawa ng mga kontrol ng kalidad at maaaring makipag-ugnayan para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa serbisyo at sa pagkain sa pamamagitan ng pagsulat ng email sa refezionescuola@comune.bologna.it.
Ang pagpapatala sa serbisyo ng pagkain o mensa ay kasama na sa pag-*enroll* para sa mga paaralang may mga klase sa hapon. Kung may mga karagdagang pasok sa hapon, ang kahilingan para sa serbisyo ay maaaring gawin pagkatapos ng pag-*enroll*.
Ang pagkain ay may bayad, ngunit maaaring bumaba ang bayarin batay sa antas ng ISEE (Indicatore della Situazione Economica Equivalente), isang dokumento na nagpapatunay sa sitwasyong pinansyal ng pamilya.
Para sa mga impormasyon tungkol sa pagpapatala sa serbisyo at paghiling ng pribilehiyo para sa mas mababang bayarin, huwag mag-atubiling sumangguni sa Tagggapan “Ufficio Scuola” ng iyong quartiere o konsultahin ang webpage “Iscrizione ai servizi integrativi” ng Comune ng Bologna, na mabubuksan gamit ang link na ito:
https://www.comune.bologna.it/servizi-informazioni/servizi-scolastici-integrativi

### Mga diyeta batay sa kadahilanang pangkultural, pangrelihiyon o pangkalusugan

Maaring ipakiusap na ang pagkain ng inyong anak ay ihanda ayon sa isang partikular na diyeta, o ayon sa mga kadahilanang pangkalusugan (halimbaw, diyeta na walang gluten o walang lactose, diyeta na mababa sa nilalamang asukal, etc), o ayon sa mga kadahilanang may kinalaman sa relihiyon o kultura ng isang pamilya (halimbawa, diyeta na halal, diyeta na walang karne ng baboy, diyeta na walang karne, etc.)

Kinakailangan ang **SPID** para sa paghiling ng isang partikular na diyeta.
Para sa paghiling ng mga diyeta batay sa kadahilanang pangkalusugan, pangrelihiyon at kultura ay kailangang mag-apply sa website: https://www.riboscuola.it/diete/
Para sa diyeta na may kaugnayan sa kalagayan ng kalusugan, kakailanganin ang isang sertipiko galing sa doktor ng bata o galing sa isang espesyalista.
Ipaalam din agad sa mga guro kung ang inyong anak ay may mga *allergies*, *intolerance* o may problema sa pagtunaw ng isang partikular na sangkap ng isang pagkain at kung may diyetang partikular ba itong sinusunod.

---

[8] Inserire “venerdì” o “sabato” a seconda dell’organizzazione settimanale (a cura della scuola).

### I menù

Per conoscere cosa mangia vostro figlio a scuola basta collegarsi al sito di Ribò Scuola, al link https://www.riboscuola.it/menu/ricerca-menu.aspx selezionare la scuola e il tipo di dieta (scegliere "menù convenzionale" se non si seguono diete particolari, oppure selezionare il tipo di dieta che segue il bambino).

### Comunicazione di assenza al pasto

In caso di assenza di vostro figlio da scuola o in caso di uscita anticipata, prima del pasto, **è molto importante disdire il pasto entro le 9.00**, in modo da non pagare il servizio e non sprecare cibo. Esistono molti strumenti per farlo:

- SMS al numero: **339.9941124**
- Modulo dal sito web: https://tinyurl.com/2a4dkvbz
- App Zerodiciotto Bologna scaricabile sul vostro smartphone da Google Play Store o iOs App Store

Per disdire la mensa è sempre necessario **il numero identificativo dell'alunno**.

Se avete perso il numero identificativo potete richiedere un duplicato agli Sportelli per il cittadino o inviare un'e-mail allegando copia di un documento di identità a[9]:

- ☐ Borgo Panigale - Reno: ScuoleBorgoReno@comune.bologna.it
- ☐ Navile: ScuoleNavile@comune.bologna.it
- ☐ Porto - Saragozza: ScuolePortoSaragozza@comune.bologna.it
- ☐ Santo Stefano: GruppoScuoleSStefano@comune.bologna.it
- ☐ Savena: ScuoleSavena@comune.bologna.it
- ☐ San Donato-San Vitale: ScuoleSandonatoSanvitale@comune.bologna.it

## ACCOUNT ISTITUZIONALE DELLA SCUOLA

La scuola potrà attivare un account istituzionale per vostro figlio a cui è associata una e-mail dedicata. La scuola vi invierà una e-mail con le istruzioni per accedere all'account.
In alcune scuole le informazioni vengono inserite sul registro elettronico o su applicazioni che servono per consultare i compiti assegnati ai bambini. Per le scuole che utilizzano il registro elettronico verranno date ai genitori le credenziali (username e password). Le credenziali non vanno smarrite.

[9] Indicare con una crocetta il Quartiere di riferimento (a cura della scuola).

### Ang mga menu

Upang malaman kung ano ang kinakain ng inyong anak sa paaralan, konsultahin lamang ang website ng **Ribò Scuola** gamit ang link na ito, https://www.riboscuola.it/menu/ricerca-menu.aspx. Piliin ang paaralan ng iyong anak at ang uri ng diyeta na sinusunod (i-click ang "menu convenzionale" kung walang sinusunod na partikular na diyeta ang bata).

### Pagbibigay-alam ng hindi pagkain sa paaralan

Kung sakaling hindi makakapasok ang inyong anak o lalabas ito nang mas maaga, napakaimportanteng kanselahin ang pagkain sa paaralan bago mag alas-9 ng umaga nang sa gayon, hindi kailangang bayaran ang serbisyo at hindi masasayang ang pagkain.
May iba't-ibang paraan para sa pagbibigay-alam:

- Mag-text sa **339.9941124**. Isulat MENSA (space) identification number ng estudyante (space) ASSENZA(space)bilang ng mga araw ng pagliban (halimbawa: MENSA 12345 ASSENZA 1)
- I-fill up ang pormularyo online sa website na ito: https://tinyurl.com/2a4dkvbz
- I-install ang App Zerodiciotto Bologna sa inyong smartphone. Ang app na ito ay makukuha sa Google Play Store o iOs App Store.

Para kanselahin ang pagkain sa paaralan, kinakailangan ang **identification number ng mag-aaral.**

Kung nawala o nakalimutan ninyo ang identification number, maaaring humingi ng kopya sa mga help desk ng lokal na pamahalaan (*Sportello Cittadino*) o magpadala ng email na may kasamang kopya ng isang balidong ID:[9]

- □ Borgo Panigale - Reno: ScuoleBorgoReno@comune.bologna.it
- □ Navile: ScuoleNavile@comune.bologna.it
- □ Porto - Saragozza: ScuolePortoSaragozza@comune.bologna.it
- □ Santo Stefano: GruppoScuoleSStefano@comune.bologna.it
- □ Savena: ScuoleSavena@comune.bologna.it
- □ San Donato-San Vitale: ScuoleSandonatoSanvitale@comune.bologna.it

## INSTITUSYONAL NA ACCOUNT NG PAARALAN

Ang paaralan ay maaring mag-*activate* ng isang institusyonal na *account* para sa inyong anak na may kaugnay na email. Padadalhan kayo ng email ng paaralan na naglalahad ng nga instruksiyon para makapasok sa account.
Sa ilang paaralan, ang mga impormasyon ay nakasaad sa rehistrong elektroniko o sa mga app na ginagamit upang malaman kung anong mga takdang-aralin o homework ang binigay ng mga guro. Para sa mga paaralang gumagamit ng rehistrong elektroniko, ibibigay ng paaralan sa mga magulang ang mga kredensyal (username at password). Ingatan at huwag iwala ang mga kredensyal na ito.

[9] Indicare con una crocetta il Quartiere di riferimento (a cura della scuola).

## RIUNIONI, ASSEMBLEE E INCONTRI CON INSEGNANTI

Nel sistema scolastico italiano è molto importante il rapporto fra insegnanti e genitori.
I genitori di ogni classe eleggono, tra di loro, un rappresentante per facilitare la comunicazione tra scuole e famiglie. Il rappresentante dei genitori si farà portavoce delle necessità e delle richieste degli alunni e delle famiglie della classe e li comunicherà agli insegnanti.
La scuola prevede momenti di incontro con tutti i genitori della classe (assemblee, riunioni), ai quali è importante partecipare. Si tengono di solito negli orari pomeridiani dopo l'uscita dalla scuola.

Sono previsti anche colloqui individuali con le singole famiglie per discutere dell'andamento scolastico e per informare i genitori su particolari necessità o bisogni del bambino. Nella scuola italiana questi colloqui sono considerati molto importanti. Se necessario, la scuola potrà attivarsi e chiedere la presenza di un mediatore linguistico-culturale che può aiutarvi con la traduzione. Potete chiedere un colloquio anche voi se pensate sia importante condividere alcune informazioni con gli insegnanti.

## DISABILITA'

La scuola italiana accoglie tutti i bambini, anche quelli con disabilità certificata al fine di garantire l'inclusione nella scuola e favorire la socializzazione con i coetanei. In caso di disabilità, la scuola e il Comune si attivano per garantire il diritto all'istruzione e per sostenere il percorso del bambino. Se la disabilità è stata certificata nel paese d'origine, è importante segnalarlo e presentarne la documentazione presso la segreteria della scuola. Sarà necessario richiedere la certificazione di disabilità anche in Italia. La certificazione viene rilasciata dall'AUSL dopo la valutazione dell'INPS.

## USCITE DIDATTICHE E GITE

La scuola organizza con le classi uscite e gite che hanno un obiettivo didattico e di apprendimento. Si tratta di visite a musei, teatri o altre istituzioni culturali, che possono prevedere spostamenti in altre città.

La scuola provvede all'organizzazione e al trasporto, ma occorre l'autorizzazione dei genitori. In genere queste uscite hanno un costo che viene sostenuto dalle famiglie. Per i costi ed eventuali agevolazioni potete chiedere informazioni al personale docente.

## PAGPUPULONG, PAGTITIPON AT PAGPUPULONG NG MGA MAGULANG AT MGA GURO

Sa sistemang pang-edukasyon ng Italya, ang ugnayan ng mga guro at mga magulang ay napakahalaga.
Ang mga magulang ng bawat klase ay hahalal ng isang kinatawan, mula sa kanilang grupo, na magsisilbing tulay para mapadali ang komunikasyon sa pagitan ng paaralan at mga pamilya. Ang kinatawan ng mga magulang ang siyang magiging tagapagsalita ng mga ito para iparating sa mga
Ang paaralan ay nagtatakda ng mga pagpupulong kasama ang lahat ng mga magulang ng klase. Napakahalaga ang paglahok sa mga pagpupulong na ito. Karaniwan itong ginagawa sa hapon, sa oras ng labasan ng paaralan.

May mga itatalaga rin na mga pagpupulong ng mga guro at ng pamilya upang pag-usapan ang takbo ng pag-aaral ng anak at ipaalam kung mayroon man itong mga partikular na pangangailangan. Sa mga paaralan dito sa Italya, ang mga pagpupulong na ito ay napaka-importante. Kung kakailanganin, maaring humiling ang paaralan ng isang tagapamagitang lingwistiko-kultural na tutulong sa pamilyang isalin sa wikang italyano ang mga nais nilang iparating o sabihin sa mga guro o gayundin naman, isalin sa wikang Filipino ang nais iparating ng mga guro sa mga magulang. Maari ring humiling ng isang pagpupulong ang mga magulang kung mayroon silang kinakailangang iparating na impormasyon sa mga guro.

## KAPANSANAN

Tinatanggap ng paaralang italyano ang lahat ng mga mag-aaral, kasama na ang mga mag-aaral na may kapansanan na sertipikado upang masiguro na sila ay maging bahagi ng mundo ng paaralan at mabigyan ng pagkakataong makikipagsalamuha sa kanilang mga kapwa bata. Kung ang isang bata ay may kapansanan, ang paaralan at ang Comune ay gumagawa ng mga hakbang upang maitaguyod ang kanyang karapatan sa edukasyon at masuportahan ang kanyang pag-aaral. Kung ang kapansanan ay sertipikado sa Pilipinas, mahalagang ipaalam ito, ipakita ang sertipikado o iba pang katibayan at magbigay ng kopya nito sa kalihim o *segreteria* ng paaralan. Kahit na may katibayan na ng kapansanan na galing sa Pilipinas, kakailanganin pa rin na makakuha ng sertipikado dito sa Italya. Ito ay ibibigay ng AUSL (Lokal na Kagawaran ng Kalusugan) pagkatapos ng isang pagsusuri na gagawin ng INPS.

## MGA LAKBAY-ARAL AT IBA PANG MGA BIYAHENG PANG-EDUKASYON

Ang paaralan ay nagsasagawa ng mga lakbay-aral at iba pang mga biyaheng pang-edukasyon para sa iba't-ibang klase nito upang mapalalim ang pagkatuto at madagdagan ang kaalaman. Ang pakay ng mga paglabas na ito ay ang mga museo, teatro at iba pang mga institusyong pangkultura, na maaaring matatagpuan sa ibang lugar o siyudad. Sa sitwasyong ito maaring kakailanganin ang pagbiyahe.

Ang paaralan ang mag-aayos ng biyahe at ng sasakyan, ngunit kakailanganin ang awtorisasyon ng mga magulang. Kalimitan, may gastos ang mga biyaheng ito na kailangang bayaran ng pamilya. Para malaman kung magkano at kung maari bang humingi ng tulong pinansiyal, magtanong lamang sa mga guro.

## MATERIALI

Nella scuola primaria le famiglie devono fornire il materiale che viene richiesto, di norma a inizio anno scolastico, dagli insegnanti. Si tratta di materiale di cancelleria come quaderni, astucci, penne e matite colorate. Fra i materiali è importante il diario, un'agenda su cui vengono annotati i compiti o le comunicazioni degli insegnanti per le famiglie.

Sul diario potete scrivere agli insegnanti per comunicare eventuali necessità o richieste.

***

*Per ogni dubbio/difficoltà/comunicazione importante chiedete aiuto al rappresentante dei genitori o un colloquio agli insegnanti, che sono a vostra disposizione per costruire insieme a voi il percorso scolastico di vostro figlio nella scuola secondaria di primo grado.*
*Buon anno scolastico a voi!*

*Quando in questo documento, unicamente a scopo di semplificazione, è usato il maschile, la forma è da intendersi riferita in maniera inclusiva a tutte le persone.*

## MGA KAGAMITAN SA PAG-AARAL

Sagot ng mga pamilya ang mga kagamitan sa pag-aaral tulad ng kuwaderno, bolpen, lapis, mga lapis na pangkulay, lalagyan ng bolpen at lapis at iba pa, alinsunod sa kahilingan ng mga guro. Kadalasan may listang ibinibigay sa simula ng pasukan. Isa sa mga pinakaimportanteng kagamitan ay ang talaarawan o diario dahil dito isinusulat ang mga takdang-aralin at mga mensahe o komunikasyon na galing sa mga guro para sa mga pamilya.

Sa talaarawan o diario, maari kayong sumulat sa mga guro kung may ninanais man kayong iparating sa kanila.

***

*Para sa anumang pagdududa/suliranin/ komunikasyon na importante tungkol sa inyong anak, huwag mag-atubiling humingi ng tulong sa kinatawan ng mga magulang ng klase  o humiling ng isang pagpupulong kasama ang guro o mga guro. Sila ay kaagapay ninyo sa edukasyon ng inyong anak.*

*Maligayang Taong Panuruan sa inyong lahat!*